



ALAB NG PLUMA: ISANG KWALITATIBONG PAG-AARAL SA DANAS NG MGA BATANG MAMAMAHAYAG SA MGA PAARALANG SEKONDARYA NG MANIKI, KAPALONG

Allyza P. Suico¹, Jezil Joy C. Apolinar, LPT²

¹ORCID No. 0009-0007-7969-4904

Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines

²ORCID No. 0009-0002-7360-7164

Instructor, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra19805>

DOI No: 10.36713/epra19805

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang mga hamon at paraan ng mga batang mamamahayag sa kanilang larangan. Natukoy na ang mga batang mamamahayag ay nakararanas ng kahirapan sa pagtutok sa ibang mga gawaing pang-akademiko, nahihirapan dahil sa kakulangan sa pagsasanay, at nagkakaroon ng hadlang dahil sa problema sa pakikipagsalamuha sa ibang tao. Sa pagharap sa mga hamon na ito, natuklasan na ang mga batang mamamahayag ay nakapagtagumpay sa pamamagitan ng pakikinig sa mga payo, pananalig sa Panginoon, at suportang nakukuha mula sa kanilang mga magulang. Ang kanilang tagumpay ay nakaugat sa pagkakaroon ng tiwala sa sarili, paglalaan ng sapat na oras sa pagsasanay, at katapatan sa pagpapahayag. Ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga personal na katangian at pamamaraan sa pagharap sa mga hamon sa larangan ng pamamahayag ng mga batang mamamahayag.

KEYWORDS: Edukasyon, Danas ng Mamamahayag, Penomenolohikal, Sekondarya, Pilipinas.

INTRODUKSYON

Mahalagang sektor sa lipunan ang gampanin ng mga batang mamamahayag na may malalim na ugnayan sa pagpapalaganap ng impormasyon at pagbabahagi ng mga kwento. Sa kabila ng kanilang potensyal na magdulot ng malaking pagbabago sa mundo ng journalism, kinakaharap ng mga batang mamamahayag ang maraming hamon mula sa kakulangan sa karanasan hanggang sa mga panganib sa kanilang kaligtasan, at mga hakbang upang matugunan ang mga ito. Higit pa rito, kinakailangan natin ang mga mahuhusay na tagapagkwento para maipapahayag ang mga mahahalagang isyu lalong-lalo na sa panahon natin ngayon na puno ng takot at pangamba dulot ng maling pangangalap ng impormasyon (Bagayas 2020).

Sa Bangladesh, ang mga batang mamamahayag ay karaniwang nagsusulat ng mga isyu sa unibersidad tulad ng pampulitika, pangkultural, at iba pa. Ginagamit nila ang teknolohiya at personal na pakikipag-usap sa mga kasangkot sa isyu upang mapabuti ang kanilang kakayahan at matiyak ang tibay at katotohanan ng kanilang mga impormasyon. Gayunpaman, nakikita nila ang kakulangan sa sapat na kaalaman at seguridad bilang problema na kinakaharap ng mga mamamahayag (Tasmim at Atikuzzaman, 2023).

Gayumpaman, ayon kay Irene Khan, isang mamamahayag sa Unibersidad ng Pilipinas, para sa kalayaan ng pamamahayag, ay nagpahayag na ang mga mag-aaral na mamamahayag ay nahaharap sa mga sosyolohikal, pampulitikal, at lohistikong pagsubok sa mundo ngayon, bukod pa sa mga epekto ng

pambansang pang-aapi ng midya na inirerekomenda ng pandaigdigang analitika, ng awtoridad ng 1987 Konstitusyon. Mahalagang suriin ang epekto ng Senate Bill 7079 sa kalayaan ng pamamahayag sa campus upang malaman kung ito ay balanse, umuunlad, o umuunrong, ayon sa mga mag-aaral na mamamahayag sa DLSU-D (Buan, 2022).

Maraming estudyante ang natutuwa sa pamamahayag at nagkakaroon ng interes sa larangan na ito. Marami sa kanila ang nais magpatuloy sa pag-aaral nito sa kolehiyo o unibersidad at maging mga propesyonal sa larangang ito. Kahit may mga tutol mula sa ibang bansa, mahalaga pa rin sa kanila ang halaga ng pamamahayag. Ang paaralan ng pahayagan ay isang mahusay na plataporma para sa mga mag-aaral na tutok sa mga isyu at pangangailangan ng kanilang kapwa kabataan. Sa pamamagitan nito, maaaring makatulong ang mga mag-aaral na may mga problema. Ang pagsusuri at pagsaliksik sa pamamahayag ay nagbubukas ng mga bagong kaalaman na maaaring gamitin sa kanilang pag-aaral, trabaho, at personal na pag-unlad. Ang pagsusulat para sa pahayagan ng paaralan ay nagpapalakas sa kanilang akademikong kakayahan (Kinny, 2022).

May limitadong pagsasaliksik na nag-aaral ng mga espesyalisadong programa sa pagsusulat sa Estados Unidos. Sinusuri ng pag-aaral na ito ang kakulangan na ito sa pamamagitan ng pagtukoy kung paano nakikita ng mga nagtapos ng isang programa sa pagsusulat ng kalikasan ang kanilang pagsasanay at ang mga paraan kung paano ito nakakaapekto sa kanilang propesyonal na karera at sa kanilang



gawain sa pamamahayag at komunikasyon. Ginagamit ang balangkas ng pagsusulat batay sa kaalaman (Patterson, 2013; Donsbach, 2014), ang pananaliksik na ito ay nakapokus sa karanasan ng mga batang mamahayag sa kung papaano nila napaunlad ang kaalaman sa laragan at kung papaano nakatulong ang pagiging kasapi sa pamahayagan sa akademikong pag-unlad ng mag-aaral.

Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay kuwalitatibong pagsusuri na naglalayong malaman ang karanasan ng mga batang mamamahayag at kung paano nila nilabanan ang mga pagsubok na kanilang kinaharap. Ang mga kalahok na napili ay mga mag-aaral na mamamahayag mula sa mga Sekondaryang paaralan ng Maniki, Kapalong. Inaasahan na ang mga natuklasan mula sa pananaliksik na ito ay magbibigay-linaw at inspirasyon sa mga kabataang nagnanais na maging parte sa programa.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga batang mamamahayag?
2. Paano napagtagumpayan ang mga hamon na kinakaharap ng mga batang mamamahayag?
3. Ano-ano ang mga pananaw ng mga batang mamamahayag sa mga paaralang sekondarya ng Maniki, Kapalong?

METODO

Disenyo

Ang ginamit na disenyong pananaliksik ay kwalitatibo sa penomenoloikal na dulog sa pagsusuri. Ang kwalitatibong pag-aaral ang disenyo na kung saan may hangaring gumalugad ng mga impormasyon at datos. May layunin din ito upang makapagbigay ng mga pananaw at karanasan partikular sa phenomena. Ito rin ay makatutulong upang maunawaan ang hamon at karanasan maging ang dahilan nito (Creswell, 2013).

Mga Partisipante sa Pananaliksik

Ang pagpili ng 5 hanggang 25 kalahok sa isang qualitative research ay nakakatulong sa mananaliksik na magkaroon ng malapit na ugnayan sa kanila, na nagreresulta sa mas bukas at diretsong komunikasyon. Nililimitahan din nito ang posibilidad ng bias at tinitiyak ang validity ng pag-aaral. Dahil dito, pinili ng mananaliksik ang 14 na kalahok, nahahati sa dalawang grupo: 7 para sa in-depth interview at 7 para sa focus group discussion, para sa mas epektibong pakikipanayam (Creswell, 2013).

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos

Sa pagkoleka ng mga impormasyon ginamit ang iba't ibang paraan katulad ng pakikipanayam, pagmamasid, at pagdodokumento (Creswell, 2007).

Kaugnay nito, ang kwalitatibong pananaliksik ay hindi kinakailangan na makakuha ng mga datos mula sa lahat ng mga

tao sa komunidad. Kinakailangan lamang na pumili ng muwestra ng populasyon sa ibinigay na pag-aaral. Ang mga partisipante ay pinili batay sa krayterya sa isang partikular na katanungan sa pananaliksik (Cresweel, 2013).

Ang unang ginamit na hakbang na isinaalang-alang ng mananaliksik ay ang balidasyon na ginamitan ng talatanungan. Matapos mabuo ang mga talatanungang ginamit isinumite ito sa panel ng mga eksperto upang masuri ang katiyakan ng isinagawang pananaliksik.

Pag-aanalisa sa Datos

Sa pananaliksik, ang pag-aaral ay nagpakita ng malinaw at maingat na pagsusuri ng mga nakalap na datos, alinsunod sa mga layunin ng pananaliksik. Detalyadong sinuri ang mga tugon ng mga kalahok upang makabuo ng mga resulta. Ang layunin ng data analysis ay upang matukoy ang mga karaniwang tema na sasagot sa mga katanungan ng pag-aaral.

Sa punto ng pananaliksik, mayroong mga hakbang at pamamaraan sa pag-aanalisa ng datos. Kalakip sa binanggit ay data coding at thematic analysis na siyang ginamit na hakbang ng mananaliksik sa pag-aanalisa ng datos sa pag-aaral na ito (Khan 2020)

Sa karagdagan, sa kwalitatibong pananaliksik, ang data coding ay ang pagmamarka ng mga tiyak na bahagi ng teksto na may kaugnayan sa paksa ng pag-aaral (Khan, 2020).

Ang tematikong pag-aanalisa ay isinasagawa upang i-highlight ang mga kalagitnaan na kontribusyon at kinalabasan ng bawat artikulo kung saan ito ay nagsasangkot ng isang malalim na pagsusuri ng impormasyon na ipinakita sa mga salita (Wong, 2008).

RESULTA

Unang Tanong sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga karanasan ng mga batang mamamahayag?

Upang masagot ang tanong sa pananaliksik na ito, isinagawa ang mga panayam at talakayan sa mga kalahok. Maraming mga panghaliling tanong ang ibinigay upang makuha ang kanilang mga karanasan bilang isang batang mamamahayag.

Ang mga pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik na tanong bilang 1 ay ipinakita sa Talahanayan 1. Nagkaroon ng kanilang mga tugon ang mga kalahok batay sa kanilang mga naging karanasan sa pagiging parte ng kampus na pamahayagan o batang mamahayag. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, lumitaw ang tatlo na pangunahing tema: Nakararanas ng Kahirapan sa Pagtutok sa Ibang mga Gawaing Pang-Akademiko, nahihirapan dahil sa Kakulangan sa Pagsasanay, at nagkakaroon ng hadlang dahil sa problema sa Pakikipag Interakson sa Ibang Tao.



Talahanayan 1
Mga Karanasan ng mga Batang Mamamahayag

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Nakararanas ng Kahirapan sa Pagbalanse ng Oras	• <i>Ang karanasan ko sa pagiging parte ng campus na pamahayagan ay mahirap dahil mahahati ang oras sa paggawa ng mga Gawain sa paaralan at sa paggawa ng mga artikulo sa oragainsasyon.”-IDI-01</i> • <i>Ang negatibong bahagi sa pagiging isang mamamahayag ay ang pagbalance ng oras sa pagiging isang mamamahayag at mag-aaral dahil nangangailangan ito ng sapat na oras.”- IDI-04</i> • <i>Ang karanasan ko ay mahirap sapagkat nahahati ang aking oras sa pagiging isa mamamahayag at pagiging isang mag-aaral. May mga pagkakataong nababalewa anng mga Gawain ng isa upang mapatapos ang ibang gawain.”- FGD02</i> • <i>Ang negatibo kong karanasan ay kahirapan sa paghahati ng oras sapagkat ang pagiging isang kasapi ng pamahayag ay nangangailangan ng mahabang oras. Mahahati ang oras sa paggawa ng mga lathalain at mga Gawain sa paaralan.”-FGD03</i>
Nahihirapan dahil sa Kakulangan sa Pagsasanay	• <i>Ang negatibong karanasan ko ay ang kakulangan sa pagsasanay. May mga pagkakataon na isaasa na lamang sa amin ang pagsasanay lalo na kapag may mga patimpalak a sasalihan.” -IDI 04</i> • <i>Ang pagiging parte ng pamahayagan sa paaralan ay nagkakaroon ng mga patimpalak at ang naging karanasan ko ay naging mahirap dahil sa kakulangan ng sapat na oras sa pagsasanay.”-IDI06</i> • <i>Ang paraan naaking ginamit upang mahasa ang kakayahan ay ay pagkakaroon ng dedikasyon na matuto at pagsisikap. Bagaman hindi binibigyang tuon ang pagsasanay sa amin.”-IDI03</i> • <i>Sa pamamagitan ng pagsasanay at disiplina upang mahasa at mapanatili ang kagalingan sa larangang ito kahit may kakulangan sa pagsasanay ng pormal ay patuloy pa rin na maghahatid ng maayos at totoong pahayag.”-FGD07</i>
Nagkakaroon ng Hadlang dahil sa Problema sa Pakikipag Interaksyon sa Ibang Tao	• <i>Ang aking karanasan sa pagiging kasapi ng kampus na pamahayag ay mahirap napagdaanan kong umiyak at tumawa. Naging hamon sa akin ang pakikipaghalubi sa iba dail nga mmakikipanayamm ka ibaibang tao upang mangalap ng mga impormasyon.”-IDI07</i> • <i>Ang karanasan ko pagiging mamamahayag ay mairap. Ang pinakanahirapan ako ay ang pakikiapg interaksyon sa iba. Pakikipanayan sa mga hindi kakilala upang makuha ng impormasyon.”-FGD05</i> • <i>Ang negatibo ay hamon sa pakikipag ugnayan sa ibang tao para makakuha ng mga matitibay at mahahalagang impormasyon.”-FGD01.</i>

Pangalawang tanong sa Pananaliksik: Paano napagtagumpayan ang mga hamon na kinaharap ng mga batang mamamahayag?

Ang mga pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik na tanong bilang 2 ay ipinakita sa Talahanayan 2. Ang mga kalahok ay nagbahagi ng kanilang mga tugon sa kung paano nila hinarap ang mga hamong kanilang pinagdaanan bilang isang batang mamamahayag.

Mula sa mga sagot ng mga kalahok, tatlo na pangunahing tema ang lumitaw: pakikinig ng mga payo, pananalig sa panginoon, at suportang makukuha mula sa magulang. Makikita sa Talahanayan 2 ang mga lumitaw na tema at pangunahing ideya o kaisipan tungkol sa kung paano hinarap ng mga batang mamamahayag ang mga hamong nararanasan.



Talahanayan 2

Mga Pamamaraan na ginamit ng mga Batang Mamamahayag upang mapagtagumpayan ang mga hamon

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Pakikinig ng mga Payo	- Nakipag ugnayan ako sa mga guro at kasamahan kung ano ang mga dapat na paunlarin at kung ano ang mga payo na maaari nilang maibigay upang mas maging mahusay na mamahayag."-IDI-03 - Nag-aral, pinag-aralan lahat ng binigay na PPT sa akin. At pinakikingan ang mga payo at turo ng mga guro."-FGD-05 - Kinakailangan lamang ito ng pagsasama at pagtutulongan kahit anong mangyari. Kung hamon ng isa, hamon na ng lahat. Makinig sa mga komento at payo ng mga guro o kasamahan."-FGD-06 - Nakipag ugnayan ako sa aking mga guro at kasamahan sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mahihirap na pahayag. Sa paraang ito ay nagkakaroon ako ng pagkakataon na mabahagi ang aking opinion at mapakinggan din ang sa kanila."-IDI-06
Pananalig sa Panginoon	- Ginamit ko ay ang pananalangin sa panginoon sapagkat alamm ko a sa mga panahon na tila ba wala ng pag-asa at nahihirapan na siya ang maasahan."-IDI-01 - Paraan na aking ginamit na pinaka epektibo a ang pananalig sa panginoon dahil alam ko na sa mga pagkakataon nararamdaman kung hindi ko na kaya siya ang magbibigay ng lakas upang."-FGD-01 - Tulungan ang sarili at magtiwala sa mga guro na hindi nila tayo pababayaan at isa rin sa aking paraan ay ang pananalangin dahil alam ko na kahit anong mangyari masusunod ang itinakda niya."-IDI-02 - Nag patuloy ako na maging bukas para sa mga bagay na makatutulong upang mapalawak ang kakayahan at ang paghingi ng patnubay sa panginoon na sana ay bigyan ako ng sapat na kaalaman na mmakatutulog sa aking pag-unlad bilag mamamahayag."-IDI-03
Suportang Nakukuha mula sa Magulang	- Para sa akin napakalaki ang naging epekto sa akin ng pagsuporta sa aking ng aking mga magulang. Noong mga panahong nagsisimula pa lag ako sila ang naging sandalan ko at naging gabay. Kaya. Umaabot ako g RSPC."-IDI-02 - Sa pagsisiula pa laang ng aking karera sa pagiging isang mamahayag ang mga magulang ko ang pinaka unang sumoporta, naging sandigan at gumabay sa akin at pati na rin ang aking mga kaiban na nagbigay ng mga motibasyon upang malampasan ang mga hamon."-IDI-03 - Napakarami ang sumuporta sa aking larangan na pinili ang aking mga kaiban, mga guro at lalonglalo na ang aking mga magulang sila ang pinaka unang suporta at umintindi sa responsibilidad ko bilang isang mamamahayag. Hinahayan nila akong gawin ang mga bagay na nais kaya labis ang pasasalamat ko."-FGD-03

Pangatlong tanong sa Pananaliksik 3: Ano-ano ang pananaw ng mga batang mamamahayag sa mga paaralang sekondarya ng Maniki, Kapitalong?

Ang mga pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik sa tanong bilang 3 ay ipinakita sa Talahanayan 3. Ang mga

kalahok ay nagbahagi ng kanilang mga pananaw hinggil sa kanilang mga karanasan sa pagiging isang batang mamahayag Mula sa mga sagot ng mga kalahok, tatlong pangunahing tema ang lumitaw: pagkakaroon ng iwala sa sarilipaglalaan ng sapat na oras sa pagsasanay, at katapatan sa pagpapahayag.



Talahanayan 3
Pananaw ng mga Batang Mamamahayag sa mga Paaralang Sekondarya ng Maniki, Kapalong

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Pagkakaroon ng Tiwala sa Sarili	- Natutunan ko nadapat huwag nating babawan ang tingin natin sa ating sarili. Nararapat paunlarin ang tiwala sa sarili sapagkat ka gaitog paraa ay alalampasan ang mga hamog kakaharapin.”-IDI-02 - Ang aral na natutuhan ko ang pagpapatuloy na paabungin ang talent kahit palagay mo ikaw ay nagiisa. At para naman sa mga nagnanais making isang mamamahayag magtiwala sa iyong sarili sapagkat walag ibag tao na maniniwala sa iyo ng buo kung hindi ikaw lang.”-IDI-03 - Maging handa at siguraduhing alam mo ang pinasukan mo dahil maraming mga pagdadanan na hirap at pagod. Panatilihin palagi ang tiwala sa sarili.”-FGD-05 - Lagi lamang magtiwala sa sariling kakayahan at disiplina sa sarili lang ang kailangan.”-FGD-07
Paglalaan ng Sapat sa Oras sa Pagsasanay	- Suportahan ang iyong mga mag-aaral; at paglaanan ng sapat na panahon sa pagsasanay upang maging isang mahusay na mamamahayag at hikayatin silang magsikap na paunlari ang sarili.”-IDI-04 - Paglaanan ng wasto at sapat na panahon ang mga mamamahayag sa pagsasanay lalo na ang mga kasapi nito nito baguhan pa lamang upang mapaunlad ang kanilang kakayahan.”-IDI-07 - Magkaroon ng sapat a pagsasanay sa mga batang manunulat at paunlarin ang kanilang mga bokabularyo.”-FGD-05
Katapatan sa Pagpapahayag	- Sa pamamagitan ng pag sulat o pagbahagi ng mga totoo o tapat na information mahihikayat ko sila na maging instrumento upang margining ang panig nga mga kamag-aral.”-IDI-05 - Maging matapat sa mga pahayag na ibabahagi sapagkat nakadikit sa iyong mga artikulo ang mga importante na information na maaring magdulot ng kapahamakan sa paaralan, sa iyong sarili o sa mga kamag-aral.”-FGD-01 - Sa mundo ng pamahayagan magkakaroon ka ng pagkakataon na pumunta sa ibaibang lugar kaya dapat na kung mabibigyan ka ng pagkakataon na maging parte ng organisasyon na ito isa dapat ay malakas amg iyong loob at mayroon kang paninindiganna maibahagi ang patas at totoong mga impormasyon hindi lang para sa paaralan pati na rin sa iyong sarili.”-FGD-03

DISKUSYON

Karanasan ng mga Batang Mamamahayag. Mula sa mga datos na nakalap, nagawang uriin ng mananaliksik ang tatlo na mahahalagang tema na naglalayong galugarin ang mga karanasan ng mga batang mamamahayag at sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan nito na naging isang hamon din lalo na sa kakulangan ng kanilang kaalaman at kakayahan sa wastong paggamit ng plataporma.

Ang unang temang lumabas ay isa sa naging problemang dinanas ng mga batang mamamahayag na sila ay **nakaranas ng kahirapan sa pagtutok sa ibang mga gawaing pang-akademiko**. Na kadalasang tugon ay nahahati ang kanilang oras, napababayaang ang ibang gawain at nahihirapang ibalanse ang oras sapagkat ang pagiging mamamahayag ay nangangailangan ng sapat na panahon at gugulan ng mahabang oras. Dagdag pa nagiging dahilan ito ng kanilang pagpili kung ano ang maaring unahin sa mga gawain upang matugunan at matapos ang mga gawaing pang –akademiko sa paaralan at ang pagiging mamamahayag.

Nahaharap Ang mga estudyanteng mamamahayag sa hamon ng balanseng pagtugon sa oras, pagpapanatili ng propesyonalismo, at pagsunod sa mga deadline. Kailangan nilang mag-manage ng oras para sa akademiko, ekstrakurikular, at mga proyekto sa pamamahayag. Ang kanilang trabaho ay nangangailangan ng matinding atensyon sa detalye at organisasyon, dahil ang pagiging huli ay makakaapekto sa kredibilidad ng publikasyon. Dagdag pa rito, ang paglikha ng masusing nilalaman, kabilang ang pananaliksik at pagsusulat ng mga nakakumbinsing naratibo, ay nagdudulot ng karagdagang presyon (Robinson, 2021).

Bukod dito, madalas ang mga estudyanteng mamamahayag ay nahihirapan sa pagbabalanse ng oras sa pagitan ng dokumentasyon, panayam, at pagtupad sa mga deadline, habang tinutugunan ang kanilang mga akademikong gawain. Ang pagsabay sa mga responsibilidad na ito ay nagdudulot ng stress at takot na mabigo ang kanilang mga kasamahan at publikasyon. Sa kabila ng mga hamon, ang paglalathala ng



kanilang pangalan ay nagiging simbolo ng kanilang dedikasyon at tagumpay (Opiniano et al., 2021).

Ang ikalawang temang lumabas ay ang **nahihirapan dahil sa kakulangan sa pagsasanay**. Naging isang malaking hamon ito sa kanila bialng hinang mamahayag sapagkat hindi sila makabubuo ng mga matitibay ay magagandang artikulo kung hindi sapat ang pagsasanay na kanilang pinagdaanan. Sa ibinahaging pahayag ng mga kalahok ay mahirap ang pagiging isang mamamahayag kung hindi sapat ang panahon pagsasanay lalo na at sumasali sila sa mga kompetisyon.

Nahaharap Apng mga batang mamamahayag sa mga pagsubok dahil sa kakulangan ng pagsasanay at gabay sa kanilang larangan. Ang kawalan ng sapat na pagkakataon upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pag-uulat, panayam, at pagsusulat ay nagiging hadlang sa kanilang kakayahang lumikha ng mataas na kalidad na gawain. Ang kakulangan ng suporta sa mga akademikong institusyon ay nagdudulot ng kakulangan ng kumpiyansa at kasanayan, na nagpapahirap sa kanila na balansihin ang kanilang akademikong at pamamahayag na responsibilidad (McCarthy et al., 2022).

Dagdag pa ang proseso ng pag-aaral para sa mga batang mamamahayag ay maaaring maging mabigat, lalo na kapag hinaharap nila ang katotohanan ng limitadong pagkakataon sa pagsasanay. Habang nagsusumikap silang palaguin ang kanilang mga pamamaraan sa pag-uulat at kakayahan sa pagkuwento, ang kawalan ng regular na sesyon ng pagsasanay ay maaaring maging hadlang sa kanilang pag-unlad, na naglalabi sa kanila ng pakiramdam na hindi handa para sa mga kumplikasyon ng mga gawain sa pamamahayag. Ang kakulangan na ito sa pagsasanay na pag-aaral ay maaaring magdulot din ng limitasyon sa kanilang pag-unawa sa mga etikal na alalahanin at tungkulin ng isang mamamahayag, na mas lalong nagpapahirap sa kanila na pasukin ang larangan ng propesyonal na pamamahayag (Valerie, 2020).

Ang ikatlong temang nabuo mula sa mga tugon ng mga batang mamamahayag hinggil sa kanilang karanasan sa pamamahayag ay ang hamong dulot ng **pagkakaroon ng hadlang dahil sa problema sa pakikipag interaksyon sa ibang tao**. Isa naging hinaing ng mga batang mamamahayag ang hamon sa pakikipag interaksyon sa iba na kung saan ay kinakailangan upang makakalap ng ga mahahalagang impormasyon sa gagawing artikulo. Naging mahirap ito para sa kanila sapagkat hindi ninla alam ang emosyon o ang ugali ng isang tao kung kaya nadadala ito ng hiya at takot na baka ay magalit o hindi sila pagbigyan na makapanayam.

Ang mga batang mamamahayag ay nahaharap sa mga balakid sa komunikasyon na maaaring hadlang ang kanilang kakayahang makakuha ng impormasyon at magsagawa ng mga panayam. Ang mga isyu tulad ng hirap sa pakikipag-ugnayan at paghawak sa sensitibong paksa ay maaaring magpahirap sa kanilang epektibong pagkukuwento. Ang mga hadlang na ito ay maaaring magdulot ng maling pag-unawa at magpababa sa katumpakan at katapatan ng kanilang ulat, na naglilimita sa kanilang kakayahang maglahad ng buong-panig na pananaw (Sagnip, 2021).

Bukod dito, ang kahirapan sa interpersonal na komunikasyon ay maaaring maging malaking balakid para sa ilang batang mamamahayag. Ang pagkabalisa mula sa panayam, pakikilahok sa mga kaganapan, at pakikipag-ugnayan sa mga propesyonal ay maaaring magdulot ng kawalan ng kumpiyansa at takot sa paghusga. Ito ay nagpapahirap sa kanila na makipag-ugnayan sa mga mapagkukunan, magtanong ng mahahalagang tanong, at lumikha ng mga propesyonal na koneksyon, na nagiging hadlang sa kanilang kakayahang mangalap ng impormasyon at gampanan ang kanilang tungkulin sa pamamahayag (Chengyuan, 2019).

Pagtatagumpay sa mga Hamon na Kinaharap ng mga Batang Mamamahayag. Mula sa mga datos na nakuha, nagawang uriin ng mananaliksik ang tatlong (3) mahahalagang tema na naglalarawan ng kung paano napagtatagumpay ang mga amon na kinaharap ng mga batang mamamahayag. Ang mga nabuong tema ay nagsilbing sandigan at tumulong upang malampasan ang mga hamon.

Ang unang temang nabuo ay **pakikinig ng mga puna**. Nagsilbing instrumento sa mga batang mamamahayag na malampasan ang mga hamong kinaharap. Sa pamamagitan nito ay mas napaunlad nila ang kanilang kaalaman patungkol sa pagiging isang mamamahayag. Nakatutulong ito pag sa ganoon ay makuha ng payo na kanilang ikauunlad.

Ang feedback ay mahalaga sa pag-unlad ng mga estudyanteng mamamahayag. Ang pagtanggap ng konstruktibong kritisismo ay tumutulong sa kanila na paunlarin ang kanilang kasanayan sa pag-uulat, pagsusulat, at pag-edit. Sa pamamagitan ng detalyadong payo, natututo ang mga mag-aaral na kilalanin ang kanilang mga lakas at kahinaan, mas maunawaan ang kumplikasyon ng pagpapahayag, at pahalagahan ang kawastuhan at etika sa pamamahayag. Ang ganitong feedback ay nagtataguyod ng patuloy na pag-aaral at mapanuring pananaw, kapwa sa sarili nilang trabaho at sa mas malawak na midya (Carless 2022).

Bukod dito, ang pakikisangkot sa feedback ay nagbibigay sa mga mag-aaral na mamamahayag ng iba't ibang pananaw sa kanilang trabaho, na tumutulong sa kanila na makita ang kanilang pagsusulat mula sa iba't ibang anggulo. Sa ganitong paraan, maaari nilang mapabuti ang kanilang pagsusulat, na nagreresulta sa mas mahusay at magkakaugnay na mga artikulo. Ang proseso ng feedback ay nag-uudyok sa kanila na suriin ang kanilang trabaho nang mapanlikha, tinuturuan silang ayusin ang mga karaniwang problema tulad ng hindi malinaw na pagpapahayag at kakulangan ng koherensya. Sa paglipas ng panahon, ang ganitong self-evaluation ay nagiging bahagi ng kanilang karaniwang gawain sa pagsusulat (Azbel et al., 2022).

Ang ikalawang temang lumabas sa kung paano ito napagtatagumpayan ng mga batang mamamahayag ay ang **pananalig sa panginoon**. Ito ang kanilang naging lakas sa mga pagkakataong nawawala na sila ng pag-asa at tila ang mga pangyayari ay hindi na umaayon sa bagay na nais nila. Dagdag pa akatulong ito sa kanila na maibsan ang mga pangamba at manalig na ang lahat ng bagay ay nangyayari sa kanila ayon sa alam niyang nakabubuti para sa kanila.



Sa mapanlikha at demanding field ng pamamahayag, kung saan ang mga deadlines ay mahigpit, ang mga inaasahan ay mataas, at ang mga paksa na tinatalakay ay maaaring maging emosyonal na nakakapagod, ang pananampalataya ay maaaring magsilbing ilaw na gabay. Ito ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng isang mas malawak na pananaw, na nagpapaalala sa kanila na ang kanilang trabaho ay may mas mataas na layunin sa pag-uulat lamang ng balita. Ang ganitong pakiramdam ng layunin ay maaaring lubos na nakakapagbigay inspirasyon, na nagbibigay sa mga mag-aaral na mamamahayag ng lakas na magpatuloy kahit sa harap ng mga pagsubok. Bukod dito, ang pananampalataya ay maaaring magbigay ng pakiramdam ng ginhawa at katiyakan sa mga panahong mahirap. Ang pamamahayag ay madalas na may kinalaman sa pagsasaklaw sa mga sensitibong isyu, pagmamasid sa trahedya, at pakikidahilang etikal. Sa mga sandaling ito, ang paniniwala sa isang mas mataas na kapangyarihan ay maaaring magbigay ng kapanatagan, tumutulong sa mga mag-aaral na humanap ng kahulugan at pag-unawa sa gitna ng kaguluhan. Maaari rin itong magsilbing pinagmulan ng moral na gabay, na hinihikayat ang mga mag-aaral na panatilihin ang mga halaga tulad ng katotohanan, integridad, at pagkakaroon ng malasakit sa kanilang pagsusulat (Rashidovich, 2023).

Nakikita sa pananaliksik na ang mga mag-aaral na mamamahayag na may matibay na pananampalataya sa Diyos ay mas tendensiyang magpakita ng mas mataas na antas ng etikal na pananagutan. Ang kanilang proseso ng pagdedesisyon ay maaaring maapektuhan ng kanilang mga pananampalataya sa relihiyon, na nagtitiyak na pinapanatili nila ang mataas na pamantayan ng katapatan, integridad, at katarungan sa kanilang pagsusulat. Ang etikal na balangkas na ito ay tumutulong sa kanila sa pagsugpo ng mga komplikadong isyu sa etika at pagpapanatili ng mga halaga ng mabuting pamamahayag. Ang paniniwala sa Diyos ay maaaring magsilbing moral na gabay para sa mga mag-aaral na mamamahayag, na nakakaapekto sa kanilang paraan ng pagpanayam sa pamamahayag. Kapag hinaharap ang mga tunggalian sa moral, tulad ng pagpili sa pagbibigay prayoridad sa sensasyonalismo o katumpakan, o pagprotekta sa mga source sa halip na transparensiya, ang mga mag-aaral na may matibay na pananampalataya ay maaaring umasa sa kanilang mga pananampalatayang relihiyoso para sa gabay. Ang mga halagang ito ay madalas na nagbibigyang-diin sa kahalagahan ng katapatan, kabaitan, at pagtulong sa komunidad, na malapit na sumasalin sa mga moral na prinsipyo ng pamamahayag (Sukhee, 2023).

Ang ikatlong tema ay nagsasaad na sa pamamagitan ng **suporta na nakukuha mula magulang**, Isang malaking aspeto ng kanilag pagarap sa amon at nagbigay ng inspirasyon upang malasan ang lahat ng ito. Dagdag pa nila na sa mga pagkakataong sukongsuko sa sila nariyan ang kanilang mga magulang na umalalay at gumagabay. Sila ang nagtulak a laban at nagpamalas ng pinakamahabang pasensya na intendihin sa bawat pag-iiba ng ugali.

Ang pakikilahok ng mga magulang ay nagbibigay ng mahalagang emosyonal na suporta para sa mga mag-aaral na mamamahayag, lalo na sa panahon ng mga hamon. Dagdag pa ang pagkakaroon ng suportadong kapaligiran sa pamilya ay

makakatulong sa mga mag-aaral na malampasan ang mga presyon ng mga deadlines, kritikal na feedback, at ang kompetitibong kalikasan ng pamamahayag. Ang pagkaalam na may matatag na support system sila ay maaaring magpataas ng kumpiyansa at pagtibayin ang loob ng mga mag-aaral, na nagbibigay sa kanila ng kakayahang harapin ang mga pagsubok at magpatuloy sa kanilang mga layunin (Aman et al., 2019),

Bukod dito, ang pinansyal na suporta mula sa mga magulang ay may mahalagang papel sa pagtutalak ng mga pagsisikap sa pamamahayag para sa mga mag-aaral na mamamahayag. Ang pinansyal na tulong na ibinibigay ng mga magulang ay maaaring magbawas sa mga pasanin na kaugnay ng pinansyal na aspeto ng edukasyon sa pamamahayag at makatutulong sa mga mag-aaral na ma-access ang mahahalagang sangkap, kagamitan, at oportunidad na nagpapalalim sa kanilang kaalaman at propesyonal na pag-unlad (Reid, 2021).

Pananaw ng mga Batang Mamamahayag sa mga Paaralang Sekondarya ng Maniki, Kapalong. Mula sa mga datos na makuha, nagawang uriin ng mananaliksik ang tatlong (3) mahahalagang tema na naglalarawan ng mga pananaw ng mga batang mamamahayag na maaring ibahagi sa mga kapwa mamamahayag maging sa mga guro at paaralan uupang mas mapalawak ag pamalaliman ang kasanayan sa pamamahayag. Ang mga nabuong tema ay nakabatay sa mga pahayag na ibinahagi ng mga partisipante patungkol sa kanilang pananaw sa pagiging isang batang mamamahayag.

Inilahad ng unang tema na isa sa naging hinuha ng mga batang mamamahayag ay ang **tiwala sa sarili**. Karamihan ay nasabi na mas nakakagawa ka g mga artiklo kung malakas ang iyong loob na humarap sa mga hamon at may tiwala sa sarili na kakayanin lahat g aarig maging hamon.

Ang pakikipanayam ay napakahalaga para sa lahat ng mamamahayag na mapagtagumpayan. Sa pamamagitan nito, natututo ang mga mag-aaral na mamamahayag kung paano magtanong ng kaugnay na mga tanong, aktibong makinig, at kumuha ng mahahalagang impormasyon mula sa kanilang mga pinagkukunan. Ang prosesong ito ay nagpapabuti sa kanilang kakayahan sa pakikipagtalastasan at nagpaparamdam sa kanila ng mas kumpiyansa kapag nakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao, mula sa mga kilalang personalidad hanggang sa mga karaniwang indibidwal. Ang matagumpay na nagpapalakas ng panayam at pagkuha ng mahahalagang kaalaman ay nagpapalakas sa kanilang tiwala sa sarili at antas ng kanilang kasanayan (Ul-Haq et al., 2019).

Bukod dito, ang paglabas ng mga artikulo sa mga pahayagan ng paaralan, online na mga plataporma, o iba pang midya ay nagbibigay din ng konkretong pakiramdam ng kasiyahan sa mga mag-aaral na mamamahayag. Ang pagkakaroon ng kanilang pangalan at kanilang gawaing nailathala sa print o online ay nagpapatibay ng kanilang masipag na paggawa at nagpapalakas ng kanilang tiwala sa kanilang kakayahan. Ang pampatibay-loob mula sa mga mambabasa at editor ay nagpapalakas ng kanilang tiwala sa sarili, na nagbibigay inspirasyon sa kanila na patuloy na pagbutihin ang kanilang



mga kasanayan at magsumikap sa pagiging perpekto sa kanilang trabaho (Mershieva at Ryumina, 2022).

Inilahad ng ikalawang tema na batay sa mga pananaw na ibinahagi ng mga batang mamamahayag ay ang **paglalaan ng sapat na oras sa pagsasanay** sapagkat magiging isang malaking ambag upang mahubog ang kakayahan ng mga batang mamamahayag. Magiging armas ito sa mga sasaliang patimpalak at magsisilbing lakas na makakaya ang ano mang nakaatas na gawain.

Ang mga batang mamamahayag ay madalas na namamahala ng maraming responsibilidad, tulad ng mga gawain sa paaralan, mga klub, trabaho, at personal na mga obligasyon. Ang epektibong pamamahala ng oras ay nagbibigay daan sa kanila na magtagumpay sa pagtugon sa mga responsibilidad na ito nang hindi kinakalimutan ang kalidad ng kanilang trabaho sa pamamahayag o mga tagumpay sa akademiko. Sa pamamagitan ng pagtatag ng isang organisadong oras, maaaring magtalaga ang mga indibidwal ng tiyak na oras para sa bawat gawain, na nagbibigay ng katiyakan na kanilang natutugunan ang lahat ng obligasyon habang nagbibigay din ng oras upang magtuon sa kanilang pamamahayag (Syamsuddin, 2023).

